
1

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 1:
## Mga Kasapi ng Pamilya




ALTERNATIVE DELIVERY MODE

CO_Q2_AP 1_ Module 1

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan – Unang Baitang**
**Alternative Delivery Mode**
**Ikalawang Markahan – Modyul 1: Mga Kasapi ng Pamilya**
**Unang Edisyon, 2020**

Isinasaad sa Batas Republika 8293, Seksiyon 176 na: Hindi maaaring magkaroon ng karapatang-sipi sa anomang akda ang Pamahalaan ng Pilipinas. Gayonpaman, kailangan muna ang pahintulot ng ahensiya o tanggapan ng pamahalaan na naghanda ng akda kung ito ay pagkakakitaan. Kabilang sa mga maaaring gawin ng nasabing ahensiya o tanggapan ay ang pagtakda ng kaukulang bayad.

Ang mga akda (kuwento, seleksiyon, tula, awit, larawan, ngalan ng produkto o brand name, tatak o trademark, palabas sa telebisiyon, pelikula, atbp.) na ginamit sa modyul na ito ay nagtataglay ng karapatang-ari ng mga iyon. Pinagsumikapang matunton ang mga ito upang makuha ang pahintulot sa paggamit ng materyales. Hindi inaangkin ng mga tagapaglathala at mga may-akda ang karapatang-aring iyon. Ang anomang gamit maliban sa modyul na ito ay kinakailangan ng pahintulot mula sa mga orihinal na may-akda ng mga ito.

Walang anomang parte ng materyales na ito ang maaaring kopyahin o ilimbag sa anomang paraan nang walang pahintulot sa Kagawaran.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Kalihim: Leonor Magtolis Briones
Pangalawang Kalihim: Diosdado M. San Antonio

**Bumuo sa Pagsusulat ng Modyul**

| | |
|---|---|
| **Manunulat:** | Cathyrin V. Bolaños, Annaliza L. Delector |
| **Editors:** | Lolita V. Lorenzo, Leonora L. Tuason, May Flor M. Viray |
| **Tagasuri:** | Elizabeth R. Berdadero, Robert T. Rustia, Rey A. Pascual |
| **Tagaguhit:** | Gregg Martin S. Dominia |
| **Tagalapat:** | Jenelyn B. Butac, Jaylord Gallarde |
| **Tagapamahala:** | Benjamin D. Paragas, Octavio V. Cabasag, Rizalino G. Caronan, Romel B. Costales, Rey A. Pascual, Janette V. Bautista, Marivel G. Morales, Robert T. Rustia |

**Inilimbag sa Pilipinas ng** ________________________

**Department of Education – Region II**

Office Address: Regional Government Center, Carig Sur, Tuguegarao City, 3500
Telefax: (078) 304-3855; (078) 396-9728
E-mail Address: region2@deped.gov.ph

1

# Araling Panlipunan

## Ikalawang Markahan – Modyul 1:
## Mga Kasapi ng Pamilya

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION

# Paunang Salita

Ang Self-Learning Module o SLM na ito ay maingat na inihanda para sa ating mag-aaral sa kanilang pag-aaral sa tahanan. Binubuo ito ng iba't ibang bahagi na gagabay sa kanila upang maunawaan ang bawat aralin at malinang ang mga kasanayang itinakda ng kurikulum.

Ang modyul na ito ay may inilaang Gabay sa Guro/Tagapagdaloy na naglalaman ng mga paalala, pantulong o estratehiyang magagamit ng mga magulang o kung sinumang gagabay at tutulong sa pag-aaral ng mga mag-aaral sa kani-kanilang tahanan.

Ito ay may kalakip na paunang pagsusulit upang masukat ang nalalaman ng mag-aaral na may kinalaman sa inihandang aralin. Ito ang magsasabi kung kailangan niya ng ibayong tulong mula sa tagapagdaloy o sa guro. Mayroon ding pagsusulit sa bawat pagtatapos ng aralin upang masukat naman ang natutuhan. May susi ng pagwawasto upang makita kung tama o mali ang mga sagot sa bawat gawain at pagsusulit. Inaasahan namin na magiging matapat ang bawat isa sa paggamit nito.

Pinapaalalahanan din ang mga mag-aaral na ingatan ang SLM na ito upang magamit pa ng ibang mangangailangan. Huwag susulatan o mamarkahan ang anumang bahagi ng modyul. Gumamit lamang ng hiwalay na papel sa pagsagot sa mga pagsasanay.

Hinihikayat ang mga mag-aaral na makipag-ugnayan agad sa kanilang guro kung sila ay makararanas ng suliranin sa pag-unawa sa mga aralin at paggamit ng SLM na ito.

Sa pamamagitan ng modyul na ito at sa tulong ng ating mga tagapagdaloy, umaasa kami na matututo ang ating mag-aaral kahit wala sila sa paaralan.

## *Alamin*

Sa modyul na ito ay pag-aaralan mo ang mga kasapi at konsepto ng pamilya. Bawat batang katulad mo ay may pamilyang kinabibilangan sa yunit ng lipunan.

Pagkatapos ng araling ito, ikaw ay inaasahang:

1. Natutukoy ang kasapi ng pamilya.

2. Naipaliliwanag ang konsepto ng pamilya batay sa bumubuo nito:

- *Two parent family*
- *Single parent family*
- *Extended family*

## *Subukin*

**Panuto:** Pansinin ang bawat larawan sa baba. Lagyan ng tsek ( ✓ ) ang nagpapakita ng isang pamilya.











# Aralin 1 Mga Kasapi ng Pamilya

Ang mga kasapi ng bawat pamilya ay mayroong tungkuling ginagampanan sa tahanan. Siya rin ang nagbubuklod sa matibay na pagsasamahan at pagmamahalan ng pamilya. Binubuo ito ng tatay, nanay at mga anak. May iba pang kasapi ng pamilya tulad ng lolo, lola, tito at tita.

## *Balikan*

**Panuto:** Pagmasdan ang mga larawan. Kulayan ang mga larawang pinapangarap o ninanais mo. Kung wala sa mga ito ang nais mo paglaki, iguhit mo ito sa loob ng kahon.







## *Tuklasin*

**A. Panuto:** Bigkasin ang tula.

### Ang Aking Pamilya

Akda ni: Cathyrin V. Bolaños

O aking mahal na ina,
Ikaw ay uliran at pinagpala.
Ilaw ka ng tahanan at tagapamahala
Inihahanda ang kailangan ng bawat isa.

Sa aking makisig na ama
Masipag at matiyaga.
Pagod sa trabaho, ‘di alintana.
Maibigay lamang lahat sa pamilya.
Si kuya na tumutulong sa ama,
Si ate naman, gumagawa kapag wala ang ina.
Si bunso na laging nagpapasaya,
Kapag pagod si ina’t ama.

Ang pamilya’y laging nariyan.
Sa problema’t kasiyahan, laging maaasahan.
Pamilya na hindi ka iiwan
Sila’y ating mahalin at ingatan.

**B. Panuto:** Sagutin ang mga sumusunod na tanong ayon sa binigkas na tula. Isulat sa patlang ang tamang sagot.

____________ 1. Siya ang ilaw ng tahanan.
____________ 2. Siya ang laging nagpapasaya kapag pagod si ama't ina.
____________ 3. Siya ang gumagawa kapag wala ang ina.
____________ 4. Siya ang katulong ni ama.
____________ 5. Siya ay pagod ngunit 'di ito alintana.

## *Suriin*

Ang pamilya ay may iba't ibang uri, ito ay ayon sa kasapi nito tulad ng *two parent family, single parent family*, at *extended family*.

Ang karaniwang pamilya ay binubuo ng ama, ina at mga anak. Mayroon ding pamilya na kasama ang mga lolo't lola, tito't tita at mga pinsan. Maituturing ding pamilya ang ina o ama lamang at mga anak.

## Two Parent Family

Binubuo ng nanay, tatay at isa o higit pang anak anak.



## Single Parent Family

Binubuo ng isang magulang lamang at isa o higit anak.






## Extended Family

Binubuo ng nanay, tatay, mga anak at kamag-anak tulad nila lolo, lola, tiya, tiyo, o mga pinsan.




## Pagyamanin

**A. Panuto:** Pagtambalin ang hanay **A** at hanay **B**. Isulat ang titik ng tamang sagot sa patlang bago ang bilang.

| | A | B |
|---|---|---|
| ____ 1. |  | A. ama |
| ____ 2. |  | B. ina |
| ____ 3. |  | C. kuya |
| ____ 4. |  | D. ate |
| ____ 5. |  | E. bunso |

**B. Panuto:** Gumupit o gumuhit ng larawan na hinihingi sa bawat kahon sa ibaba at idikit ito.

Ang Aking Pamilya



**C. Panuto**: Kulayan ng pula ang puso kung TAMA ang pahayag at berde naman kung HINDI.

♡ 1. Ang pamilya ay binubuo ng ama, ina, at mga anak.
♡ 2. Kasama sa pamilya ang lolo, lola, tito at tita.
♡ 3. Ang tawag sa kapatid ng nanay mo na babae ay tita at tito naman sa lalaki.
♡ 4. Ang isang magulang at isang anak ay matatawag na pamilya rin.
♡ 5. Nakabubuti sa pamilya ang pag-aaway.



## *Isaisip*

Ang pamilya ay may iba't ibang uri. Ito ay ayon sa kasapi nito tulad ng *two parent family, single parent family, at extended family*. Ano man ang pamilyang kinabibilangan, dapat ay pahalagahan sapagkat ang pamilya ang siyang gumagabay, nagtuturo ng mga mabubuting asal, nagbibigay ng pangangailangan at nagmamahal ng walang kapalit.

**Panuto:** Punan ang nawawalang salita sa patlang. Mamili ng sagot sa loob ng kahon.

| | | |
|---|---|---|
| *single parent family* | *two parent family* | *extended family* |

1. Ang ______________________________ binubuo ng nanay, tatay at mga anak.
2. Binubuo ng isang magulang lamang at anak ang ______________________________.

3. Ang ____________________________ ay binubuo ng nanay, tatay, mga anak at kasama na rin rito sina lolo at lola.

## *Isagawa*

Isulat sa kahon ang pangalan ng kasapi ng iyong pamilya, at guhitan ang istraktura ng inyong pamilya na nasa loob ng kahon sa ibaba.

| | |
|---|---|
| | |
| | |
| | |
| | |

*single parent family*    *two parent family*    *extended family*

Mahusay! natukoy mo ang mga kasapi at istraktuta ng iyong pamilya. Binabati kita! ☺

## *Tayahin*

**Panuto**: Sagutin ang *puzzle*. Isulat ang nawawalang titik sa loob ng kahon upang mabuo ang salita.

*1. Two parent family* - Binubuo ng nanay, _______ at mga anak.
*2. Single parent family* - Binubuo ng isang magulang lamang at ______.
*3. Extended family* - Binubuo ng nanay, tatay, mga anak at kasama narin rito sina lolo at _____.

| | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|
| 1. | | | | t | | | |
| 2. | | | | a | | a | k |
| | | | | t | | | |
| 3. | l | | l | a | | | |
| | | | | | | | |

## *Karagdagang Gawain*

**Panuto:** Magkaroon ng panayam sa iyong magulang. Sa iyong panayam sa kanila, mamili ng dalawang pamilya na malapit sa inyo. Tukuyin ang bawat kasapi at istraktura ng napili ninyong pamilya. Isulat ang kasapi ng kanilang pamilya sa bawat kahon.

Halimbawa

| Pamilya Valdez |
|---|
| 1. Ricky<br>2. Lorena<br>3. Cath<br>4. Ricardo<br>5. Rica Mae<br><u>Two Parent Family</u><br>Istraktura ng pamilya |

| Pamilya ___________ | Pamilya ___________ |
|---|---|
| 1.______________<br>2.______________<br>3.______________<br>4.______________<br>5.______________<br>_________________________<br>Istraktura ng pamilya | 1.______________<br>2.______________<br>3.______________<br>4.______________<br>5.______________<br>_________________________<br>Istraktura ng pamilya |

# Susi sa Pagwawasto

**Subukin**

1. ✓
2. ✓
3.
4. ✓
5. ✓

**Tuklasin**

1. Ina
2. Bunso
3. Ate
4. Kuya
5. Ama

**Pagyamanin**

**A**

1. E
2. D
3. B
4. A
5. C

**Pagyamanin**

**C**

1. (pula)
2. (pula)
3. (pula)
4. (pula)
5. (berde)

**Isaisip**

1. Two parent family

2. single parent family

3xtended family

**Tayahin**

1. y

2. n

3. o

## *Sanggunian*


K to 12 Curriculum Guide, Araling Panlipunan 1

Miranda, Noel P., et al, Kagamitan ng Mag-aaral. (Tagalog), Araling Panlipunan 1, 2017 Edition

**Para sa mga katanungan o puna, sumulat o tumawag sa:**

Department of Education - Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR)

Ground Floor, Bonifacio Bldg., DepEd Complex
Meralco Avenue, Pasig City, Philippines 1600

Telefax: (632) 8634-1072; 8634-1054; 8631-4985

Email Address: blr.lrqad@deped.gov.ph * blr.lrpd@deped.gov.ph